**Pasamantalang permiso sa paninirahan ayon sa pagtatrabaho**

Maaari kang makakuha ng permiso sa paninirahan sa Lithuania kung matutugunan mo ang mga itinatag na kondisyon, ipinasa ang mga kinakailangang dokumento sa Departamento ng Migrasyon, sumang-ayon ang isang Lithuanian na employer na pagtrabahuhin ka sa ilalim ng isang kasunduan sa pagtatrabaho, at ikaw ay nasisiyahan sa mga panukalang kondisyon sa trabaho, tungkulin, at suweldo.

**Pagsisimula sa trabaho**

Bago magsimulang magtrabaho sa Lithuania, dapat kang magkaroon ng dalawang kopya ng nakasulat na kasunduan sa pagtatrabaho -- isang kopya para sa iyo at isa para sa iyong employer. Ang kasunduan ay dapat na pagtibayin sa wikang Lithuanian at sa wikang nauunawaan mo. Dapat sagutin ng employer ang lahat ng iyong mga katanungan tungkol sa kasunduan sa pagtatrabaho.

Dapat ipaalam rin sa iyo ng employer ang mga kondisyon sa pagtatrabaho, patakaran sa lugar ng trabaho, pamamaraan sa lugar ng trabaho, at mga kinakailangan sa kaligtasan at kalusugan ng empleyado.

Dapat tukuyin sa kasunduan sa pagtatrabaho ang mga tungkulin na iyong gagawin, ang address ng iyong trabaho, at ang halaga ng iyong suweldo. Dapat tukuyin din ng kasunduan sa pagtatrabaho ang mga tuntunin para sa pagbabayad ng iyong suweldo.

Basahing mabuti ang lahat ng impormasyong inilahad sa iyong kasunduan sa pagtatrabaho. Tiyaking nauunawaan mo ang lahat ng nakasulat sa kasunduan. Huwag mag-alinlangan na linawin kung aling wika ang gagamitin sa iyong pakikipag-usap sa iyong employer.

Huwag pumirma ng anumang dokumento kung may pagdududa ka sa nilalaman nito, kung hindi sinagot ang iyong mga tanong, o kung malabo ang sagot. Huwag pumirma sa isang blangkong piraso ng papel o sa gilid ng isang papel nang hindi nalalaman ang teksto sa itaas, huwag pumirma ng anumang aplikasyon nang walang petsa.

Itala nang pasulat ang lahat ng kasunduan sa iyong employer dahil kapag sa panahon ng hindi pagkakaunawaan, ang pangangatwiran gamit ang mga berbal na kasunduan ay halos imposible.

Tandaan na ang isang kasunduan sa pagtatrabaho ay ipapatupad sa pagsisimula mo sa trabaho.

Dapat iulat ng employer ang iyong employment sa State Social Insurance Fund Board (SODRA) nang hindi lalampas sa isang araw ng negosyo bago magsimula ang iyong pagtatrabaho mo. Tinitiyak nito ang iyong pagtatrabaho ay legal, sakop ng pagbubuwis, at ikaw ay magiging karapat-dapat sa mga benepisyo ng insurance sakaling may aksidente sa trabaho o pagliban dahil sa sakit.

**Kabayaran sa pagtatrabaho**

Dapat banggitin sa kasunduan sa pagtatrabaho ang nakatakdang buwanang trabaho (buwanang suweldo) o bayad bawat oras, na hindi maaaring mas mababa sa minumum na buwanang suweldo o minimum na bayad bawat oras, na itinakda ng Gobyerno ng Republika ng Lithuania.

Palaging nagbabago ang minimum na suweldo at maaari mo itong tingnan sa website ng Sodra https://www.sodra.lt/lt/situacijos/statistika/pagrindiniai-socialiniai-rodikliai.

Ang minimum na suweldo ay nilalapat lamang sa di-kuwalipikadong trabaho. Tumutukoy ang di-kuwalipikadong trabaho sa trabaho na hindi kailangan ng ispesyal na kwalipikasyon o propesyonal na kakayahan. Kung ang trabaho mo ay kuwalipikado, dapat mas mataas sa minimum ang suweldo mo.

Maaari ring tukuyin ng iyong kasunduan sa pagtatrabaho ang mga kasunduan sa mga premium, bonus, o iba pa karagdagang kabayaran ayon sa iba't ibang sistema ng kabayaran. Ang suweldo mo ay hindi maaaring maging mas mababa sa ibang empleyado na gumagawa sa parehong trabaho para sa parehong employer.

Kung nagtrabaho ka sa iyong araw ng pahinga, na hindi nakaplano sa iyong iskedyul ng pagtatrabaho, dapat kang bayaran nang doble ng iyong suweldo. Ganito rin kapag nagtrabaho ka sa mga pampublikong holiday.

Dapat ipakita ng employer sa iyo ang impormasyon sa mga halagang nakalkula, binayaran o ibinawas, at maging ang oras na nagtrabaho at may hiwalay na pagbanggit sa dami ng overtime na trabaho nang nakasulat o sa pamamagitan ng e-mail nang hindi bababa isang beses sa isang buwan.

Dapat bayaran ang iyong sulweod nang hindi bababa sa dalawang beses sa isang buwan o nang buuan isang beses sa isang buwan kung hiniling mo.

Ang sweldo at iba pang kabayaran mo, kabilang ang arawang allowance at bayad sa mga gastos sa business trip ay dapat bayaran sa pamamagitan ng pag-transfer sa iyong banking account.

**Oras ng pagtatrabaho**

Dapat kang iempleyo ng iyong employer nang full time, hal. 40 oras bawat linggo. Ang oras ng pagtatrabaho mo ay dapat na mabanggit sa iyong kasunduan. Ang iskedyul ng oras ng pagtatrabaho ay dapat malinaw na matukoy, ipinapakita ang pagbabahagi ng oras ng pagtatrabaho.

Ang arawang oras ng trabaho (kabilang ang overtime) ay hindi maaaring lumampas ng 12 oras.

Hindi ka maaaring magtrabaho ng higit sa 6 araw nang sunod-sunod sa loob ng 7 araw.

Ang tagal ng araw-araw na walang tigil na pahinga sa pagitan ng araw ng trabaho (shift) ay hindi maaaring mababa sa 11 magkakasunod na oras, at dapat kang makakuha ng hindi bababa sa 35 oras ng walang tigil na pahinga sa loob ng 7 magkasunod na araw.

Ang lingguhang overtime ay hindi maaaring higit sa 12 oras. Maliban sa natatanging kaso, ang iyong employer ay maaari ka lamang utusan na magtrabaho nang overtime nang may pahintulot mo.

Ang iyong overtime ay dapat na bayaran ng 1.5 beses ng iyong karaniwang rate, na itinakda sa kasunduan sa pagtatrabaho.

Ang pagtatrabaho sa gabi, hal. mula 10 p.m. hanggang 6 a.m. ay dapat ding bayaran ng 1.5 beses ng iyong karaniwang rate.

**Taunang Leave**

Pagkatapos ng 6 buwan ng tuloy-tuloy na trabaho sa parehong lugar ng trabaho, iakw ay may karapatan sa isang taunang leave, na babayaran ng employer.

Sa paglaon, dapat ibigay ang taunang leave nang hindi bababa sa isang beses sa isang taon ng iyong pagtatrabaho.

Dapat mong matanggap ang kabayaran para sa iyong taunang leave nang hindi bababa sa 3 araw ng negosyo bago ang pagsisimula ng iyong leave, maliban kung sumang-ayon ka ng ibang petsa.

**Pagtatrabaho para sa ilang employer**

Maaari kang magtrabaho sa hindi hihigt sa 4 na employer nang sabay-sabay, at lahat ng mga employer na ito ay dapat banggitin sa iisang kasunduan sa pagtatrabaho, habang ang iyong kabuuang oras ng pagtatrabaho ayon sa kasunduan na iyo ay hindi maaaring lumampas ng 40 oras bawat linggo. Dapat banggitin ng kasunduan ang pangunahing employer, na nagsilbi bilang iyong tagapamagitan sa Departamento ng Migrasyon.

**Pagpapalit ng employer**

Kung nais mong baguhin ang iyong lugar ng trabaho o posisyon ng trabaho, dapat ka munang makakuha ng permiso mula sa Departamento ng Migrasyon. Makakakuha ka ng karaparan na magpalit ng employer pagkatapos ng 6 buwan mula nang maisyu ang iyong permiso sa paninirahan. Ang aplikasyon para palitan ang iyong employer ay dapat ipasa habang ikaw ay nagtatrabaho para sa iyong dating employer.

Posible na tatapusin ng iyong dating employer ang iyong kasunduan sa pagtatrabaho habang pinoproseso ang iyong aplikasyon. Huwag kang mag-alala, ipagpapatuloy na ippoproseso ng Departamento ng Migrasyon ang iyong aplikasyon at permiso sa paninirahan at hindi ito babawiin pansamantala. Kung pinahintulutan ka ng Departamento ng Migrasyon na magpalit ng empoloyer, ang iyong permiso sa paninirahan ay magpapatuloy na maging blido sa panahon din ng iyong pagtatrabaho sa bagopng employer.

Ang mga aplikasyon tungkol sa pagbabago ng employer o posisyon sa trabaho ay pinoproseso sa loob ng 1 buwan.

Ang desisyon sa pagbabago ng employer o posisyon sa trabaho ay balido sa loob ng 1 buwan.

Maaari mong simulan ang empleyo sa bagong employer o palitan ang yiong posisyon sa trabaho kapag natanggap mo lang ang permiso mula sa Departamento ng Migrasyon.

**Mga bayarin sa estado**

Ang pagpapasa ng iyong aplikasyon sa Departamento ng Migrasyon, ang pagpoproseso at pagpapatupad ng huling desisyon ay may karampatang bayarin sa estado.

Ang pagtanggap ng aplikasyon para sa permiso sa pansamantalang paninriahan at ang pagproseso nito sa 3 buwan ayon sa pangkalahatang pamamaraan, ay mayroong bayad na EUR 160, tumugon man sa kinakailangan ng aplikasyon o hindi.

Ang parehong proseso ng pagtanggap at pagproseso agad ng aplikasyon sa loob ng 45 araw ay mayroong bayad na EUR 320, tumugon man sa kinakailangan ng aplikasyon o hindi.

Kung ang plano mong trabaho sa Lithuani ay lumampas sa pagtatapos ng iyong permiso sa pansamantalang paninirahan, dapat mo itong i-renew. Maaari mo itong gawin sa pamamagitgan ng MIGRIS Lithuanian migration information system www.migracija.lt.

Maaari kang magpasa ng aplikasyon para sa renewal ng iyong permiso sa pansamantalang paninirahan, kapag ang petsa ng pagtatapos nito ay mababa pa sa 6 buwan.

Bilang pangkalahatang pamamaraan, ang iyong aplikasyon para sa renewal ay maaaring suriin sa loob ng 2 buwan at mayroong bayad na EUR 160.

Agarang pagproseso ng aplikasyon -- sa loob ng 1 buwan -- ay may bayad na EUR 320.

Ang aplikasyon para sa renewal ng isang employer ay may bayad na EUR 100.

**Ano ang mahalagang malaman kung nais mong magtrabaho bilang isang drayber na nagdadala ng mga kalakal o pasahero para sa komersyal na layunin**

Kung plano mong magtrabaho para sa isang kompanyang Lithuanian bilang isang drayber na nagdadala ng mga kalakal o pasaherio para sa komersyal na layunin (kung saan kailangan mong magkaroon ng C1, C1E, C, CE, D1, D1E, D o DE category na lisensiya sa pagmamaneho), kailangan mong:

- kumpletuhin ang pagsasanay bilang propesyonal na drayber sa isang lisensiyadong institusyong pangedukasyon at makakuha ng kuwalipikasyon o pana-panahong sertipiko sa pagpapahusay ng propesyonal na kuwalipikasyon;
- pagkatapos makuha ang sertipiko na ito, mag-apply sa “Regitra” para sa pag-record ng code sa kuwalipikasyon na “95” kapag pinapalitan ang iyong Lisensiya sa Pagmamaneho o pag-isyu ng Card sa Kuwalipikasyon sa Pagiging Drayber (kung hindi maaaring baguhin ang lisensiya). Kinakailangan na gumawa ng paunang rehistro para bumisita sa unit sa www.regitra.lt.

Ang karagdagang impormasyon tungkol sa pagpapalit ng lisensiya sa pagmamaneho o pag-isyu ng mga card sa kuwalipikasyon sa pagiging drayber ay mahahanap sa www.regitra.lt

**Iba pang mahalagang impormasyon**

Kung mahusgahan ng Departamento ng Migrasyon na ang employer mo ay:

- nagbigay sa Departamento ng Migrasyon ng maling datos, ilegal na nakuha o pekeng dokumento, o
- ang employer – isang pansamantalang kompanya sa pagtatrabaho – ay inalis mula sa listahan ng mga pansamantalang kompanya sa pagtatrabaho na kinalap ng Inspektorato sa Paggawa (State Labour Inspectorate) at inilathala sa website nito; o
- pinarusahan sa pagpapahintulot ng ilegal na trabaho, hindi nakarehistrong trabaho o sa paglabas sa pamamaraan ng pag-empleyo ng mga dayuhan alinsunod sa mga alituntunin ng Batas sa Pagtatrabaho, at ang panahon mula nang binayaram ang multa, o naisagawa ang obligasyon nang wala pang isang taon,

...makatatanggap ka ng abiso na nagsasabi na maaaring bawiin ang iyong permiso sa paninirahan maliban kung magpalit ka ng iyong employer sa loob ng 3 buwan.

Pagkatanggap ng abiso na ito, dapat mong gawin ang isa sa mga sumusunod sa loob ng 3 buwan:

- tapusin ang kasunduan sa pagtatrabaho sa iyong employer at umalis ng Lithuania, o
- Maghanaop ng ibang employer sa Lithuania, sumang-ayon na gumanap bilang isang tagapamagitan sa Departamento ng Migrasyon, at magpasa ng aplikasyon para magbago ng lugar ng pagtatrabaho.

Kung ikaw ay nagtatrabho sa isang placement sa ibang bansa, ang iyong pananatili sa iba pang estado sa European Union o Schengen ay hindi maaaring lumampas ng 90 araw sa panahon ng 180 araw.

**Pagwawakas ng iyong trabaho at pag-alis ng Lithuania**

Kung nagwakas ang iyong pagtatrabaho at hindi ka pa nagkapagpasa ng aplikasyon sa pagpapalit ng iyong employer o posisyon sa trabaho, dapat kang umalis ng Republika ng Lithuania.

Kapag nakatanggap ka ng abiso mula sa Departamento ng Migrasyon na ang permiso sa pansamantalang paninirahan ay binawi, dapat kang umalis ng Lithuania sa loob ng 14 araw.

Kung hindi ka umalis ng bansa sa panahong ito, isang desisyon ang gagawin tungkol sa iyong pagbabalik o pagpapaalis mula sa Lithuania.

Dapat mong ibalik ang iyong binawing permiso sa paninirahan sa Departamento ng Migrasyon.

**Pananamantala**

Agad na makipag-ugnayan sa mga insitusyon na nakalista sa ibaba kung naniniwala ka na ikaw ay pinagsamantalahan para sa trabaho o serbisyo, pinilit na:

- magtrabaho sa isang kondisyong napakasama/parang alipin o iba pang hindi makataong kondisyon;
- magtrabaho ng mas mahabang oras kaysa sa itinakda sa iyong kasunduan sa pagtratrabaho, magtrabaho nang overtime nang walang karagdagang kabayaran, o hindi mo maaaring gamitin ang iyong break;
- hindi pinapansin ang nakasanayang gawin sa pagtatrabaho at pahinga;
- magtrabaho para sa kabayaran na mas mababa sa suweldo na itinakda sa iyong kasunduan sa pagtatrabaho o hindi nakatanggap ng ilang mga kinakailangang pagbabayad (kung itinakda sa kasunduan);
- pumirma ng dokumento na ang nilalaman ay hindi ipinlaliwanag, kung tumanggi ang employer na malaman mo ang nilalaman nito, kumuha ng mga litrato, gumawa ng mga kopya, atbp.
- pumirma ng aplikasyon para sa isang leav na walang bayad. Tandaan na ang iyong employer ay walang karapatan na pilitin ang pirmahan ang aplikasyon na ito.

Kung pinaghihigpit ng iyong employer ang iyong kalayaan, kinuha ang iyong mga dokumento, nagbanta ng pisikal o sikolohikal na dahas, hindi ka hinahayaan na umalis ng trabaho, maaaring ikaw ay isang biktima ng sapilitang pagtatrabaho o pagkalakal ng tao.

Kung ang prosecutor na nag-iimbestiga ng iyong kaso ay itinuring ka bilang isang biktima, maaari kang mag-apply sa Departamento ng Migrasyon para sa permiso sa pansamatalang paninirahan bilang isang biktima ng pagkalakal ng tao o ilegal na pagtatrabaho. Sa ganitong kaso, ikaw ay bibigyan ng permiso sa pansamantalang paninirahan ng 6 buwan.

**Mga Institusyon na maaaring makaugnayan**

Pangkalahatang Linya ng Telepono – 112 (24/7)

Mga suliranin sa migrasyon:

Departamento ng Migrasyon
+370 707 67 000
info@migracija.gov.lt

Para sa pag-uulat ng mga paglabag sa mga pamamaraan sa pagtatrabaho o mga karapatan mo bilang isang empleyado:

Mga konsultasyon sa mga isyu sa kasunduan sa pagtatrabaho:
Pambansang Inspektorato sa Paggawa (State Labour Inspectorate)
+370 5 213 9772 (press 1)
info@vdi.lt

Isang hindi nagpapakilalang linya ng telepono para sa mga pinaghihinalaang paglabag sa trabaho, halimbawa, hindi angkop na kondisyon sa pagtatrabaho, pagsasamantala habang trabaho o oras ng pahinga, pagtanggi na pumirma ng isang kasunduan sa pagtatrabaho:
Pambansang Inspektorato sa Paggawa (State Labour Inspectorate)
+370 5 213 9772 (press 2)
info@vdi.lt

Kung naniniwala ka na ikaw ay may panganin o maging biktima ng pagkalakal ng tao:

Tulong sa mga biktima ng pagkalakal ng tao
+370 616 91 119
info@stop-trafficking.lt

Sentro Laban sa Pagkalakal at Pananamantala ng Tao (Centre Against Human Trafficking and Exploitation)
+370 679 61617
info@anti-trafficking.lt